

PARA SA AGARANG PAGLABAS



Photo: Selina McCallum

Kumukonekta ang Brampton Fire sa komunidad sa pamamagitan ng pampublikong sining

BRAMPTON, ON (Enero 11, 2022) – Ipinagmamalaking i-display ng Lungsod ng Brampton ang bagong mural sa Brampton Fire and Emergency Services (BFES) Station 211 bilang bahagi ng proyekto sa pampublikong sining na naghahangad na lumikha ng mga pagkakataon sa lungsod. Sa tulong ng STEPS (Sustainable Thinking and Expression on Public Space) Public Art, ang isang matapang at makulay na mural na naglalarawan ng bukas na kanayunan, pinapahalagahan ang lokal na buhay-kagubatan at ang agrikultural na pamana sa lugar ay ininstalla.

Ang produksyon at presentasyon ng pampublikong sining ay mahalagang prayoridad sa Culture Master Plan ng Brampton, at isang daan para padaliin ang mahalagang pagpapalitan sa pagitan ng iba't ibang mga manlilikha at sa kanilang komunidad. Isinama sa nagpapatuloy na mga komitment ng BFES sa pagsuporta sa komunidad, ang mga mural ay sumusuporta sa pagkakaisa ng lipunan, koneksyon sa lugar at umaambag sa paglikha ng natatangi at naiibang identidad para sa Brampton.

Ito ang pangatlong inisyatibong pinagsikapan ng Lungsod ng Brampton kasama ang STEPS. Noong Oktubre 2021, ang isang [downtown Brampton](#) gamit ang mga mural sa harap ng mga tindahan at piling mga traffic box.

Tungkol sa artist

Ang artist sa likod ng obra, na si Pam Lostracco, ay isang muralist at graphic designer na isinilang at lumaki sa Brampton. Nagtapos sila mula sa OCAD nang may dalawang iskolarship, at nagtrabaho sa mga design studio na lumilikha ng mga brand, aklat at ilustrasyon. Ang karanasan ni Lostracco sa pagdidisenyo at ang kanyang hilig para sa outdoor ay nagpatindi ng kanyang passion para sa murals, na lumilikha ng mga obra na naka-display sa buong Canada. Ang mural sa Station 211 ay dinisenyo para ipagsama ang arkitektura ng fire hall at ang likas na kapaligirang nakapalibot dito.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Mosaic at isang mosaic na patuloy na nagkakabuhay salamat sa mapanlikhang mga pagtutulongan na tulad nito. Ang Brampton Fire and Emergency Services ay nakaukit na sa ating komunidad at napakagandang makit ang pagsisimula ng pampublikog sining sa kanilang mga istasyon para mas kumonekta sa mga residente at gawing accessible ang sining sa lahat.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Napakagandang makita ang mga pampublikong gusali na isinabuhay sa pamamagitan ng pampublikong sining. Ang kapana-panabik na proyektong ito kasama ang Brampton Fire and Emergency Services ay makakatulong sa higit pang pagtataguyod ng pagiging positibo at mga relasyon ng komunidad. Salamat kay Pam Lostracco sa paglikha nitong magandang obra.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton; Council Panel Member, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency*

“Ang proyektong ito kasama ang Brampton Fire and Emergency Services, ating Cultural Services team at ang STEPS ay perpektong naglalarawan kung ano ang maihahatid sa ating komunidad ng matinding pagtutulongan. Ang mga mural na ito ay kokonekta sa ating mga fire station sa kanilang mga kapaligiran bilang lugar ng kaligtasan, na bumubuo ng relasyon at pagkamalikhian, umaambag sa ating masiglang lungsod.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating buong Brampton Fire and Emergency Services team ay dedicated sa pagsuporta sa tumatagal na mga relasyon sa komunidad sa pamamagitan ng edukasyon, koneksyon at kaligtasan. Nananabik akong makita ang ating unang mural na nabuksan sa araw na ito at alam ko na magbibigay ito sa ating komunidad ng higit na pagkakataon na kumonekta at makilahok sa isa’t isa.”

- *Bill Boyes, Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

“Ikinagagalak ng STEPS na makipagtulungan sa Lungsod ng Brampton at sa artist na si Pam Lostracco para isabuhay ang bagong mural na ito; isang mapanlikhang repleksyon ng mayamang mga farmland at likas na mga lugar na nakapaligid sa Flower City.”

- *Erin Glover, Interim Program Director, STEPS Public Art*

“Ang proyektong ito ay labis na espesyal sa akin dahil ang Brampton ay ang aking lugar na tinirhan sa border sa pagitan ng lungsod at kanayunan. Nang inilarawan ng Division Chief of Fire ang usa na naglalaro sa cornfields sa likod ng istasyon, napagtanto ko na ang disenyo ng pintuan ay kailangang iangkop sa likas na buhay at bukas na landscape na makikita ng staff mula sa mismong mga bintanang iyon”

- *Pam Lostracco, Artist*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca